

# Suporta at tulong pinansyal para sa mga single-parent family

Dito sa Japan, maraming iba't ibang klase ng suporta para sa maayos na pamumuhay ng mga mamamayan. May mga tulong pinansyal para sa mga single parent families. Alamin natin at gamitin para sa maginhawang pamumuhay.

Ang single-parent families na may nanay o tatay lang na kasama ang mga bata dahil sa diborsyo o pagkamatay ng isang magulang ay mayroong mga suporta o tulong pinansyal. Dahil sa limitasyon ng pondo ng iba' ibang sistema, kumunsulta at magtanong sa munisipyo.

## ① Allowance para sa pag-aalaga at pagpapalaki ng bata

Ang allowance para sa pag-aaruga ng bata ay buwanang binibigay hanggang Marso 31 ng fiscal year sa taong ang bata sa single-parent family ay umabot sa edad na 18 taong gulang.

Bilang ng anak	Binibigay na tulong	Bahagyang tulong (Depende sa taunang kita ng aplikante)
Isang anak	41430 yen	41420 yen ~ 9780 yen
Dalawang anak	46430 yen	41420 yen ~ 9780 yen +5000 yen
Tatlo o higit pa	46430 yen + 3000 yen kada anak buwan-buwan	



## ② Tulong pinansyal para sa medikal na gastusin

Buong halaga o bahagya ng halaga ay binibigay sa ama o ina o sa kanilang anak hanggang ang bata ay umabot ng 18 taong gulang sa Marso 31 ng fiscal year

## ③ Suporta sa pag-aaral sa elementary at junior high school

Mga gamit sa eskuwela, pangtanghaihan sa school, at bahagyang halaga para sa school trip ay binibigay sa mga estudyante sa public elementary at junior high school

## ④ Pagpapahiram ng pera mula sa welfare funds

Maaring makahiram ng pera para sa paghahanda sa eskuwela, gastusin sa pag-aaral, paghahanda sa trabaho, pagbili ng mga gadgets, health-care, pamumuhay, pabahay, pagbukas ng negosyo, pagtutuloy ng negosyo, o kaya gastusin sa pagpapakasal.

## ⑤ Pag-aaral at pagsasanay

Pag natapos sa pag-aaral at training sa Ministry of Health, Labor and Welfare, 20% ng kabayaran ang sinasagot hanggang 100,000 yen na kabuuang gastusin.

## ⑥ Advanced technique training expenses

Sa pagtrabaho sa training institutes ng dalawang taon o higit pa para maging nars, practical nurse, care worker, childcare worker, science/ medical treatment person, occupational therapist, subsidy o pinansyal na tulong ay binibigay.

## ⑦ Paghahanda sa pagpasok sa eskuwela

Paghahanda sa pagpasok sa junior high school: 10000 yen

Paghahanda sa pagpasok sa high school 30000 yen

## ⑧ Makakakuha ng diskwento sa pamasaha sa tren ng JR Lines

## ⑨ Regular na pagtanggap ng sustento mula sa Welfare

Sa kabila ng iba't ibang klase ng suporta at tulong pinansyal at sinasabing ang kita ng single parent family ay umaabot sa 38% ng kabuuan sambayanan at ang relative poverty rate ay 50.8%. Subalit ayon sa mga pananaliksik, pag mataas ang kita ng mga magulang, mataas din ang akademikong kakayahan ng bata, isang malungkot na balita para sa mga single parent families.

Gayundin, ang juvenile delinquency ay 13% para sa mga walang nanay at 7% sa mga walang tatay. 30% ay mga lalaking anak sa single-parent family o second marriage family na binibigyan ng gabay at disiplina. Ang kadahilanan nito ay, (1) kulang sa pagmamahal ang



mga bata gayundin ng tamang gabay mula sa mga magulang (2) walang tiwala sa magulang, at (3) kahirapan.

Ilang mungkahi para malutas ang ganitong mga problema :

- (1) Kung may problemang pinansyal, tanggapin ang mga binibigay na suporta.
- (2) Tulungan ang sarili gaya ng pag-aaral ng Nihonggo o ibang kasanayan.
- (3) Makitungo ng maayos sa kapitbahay para madaling humingi ng tulong kung kailangan.
- (4) Maki-isa sa mga lokal na aktibidades. Kumonsulta sa local counselor's office (West Welfare center, mother and child section: Tel. 049-283-7991)
- (5) Ipasok ang mga bata sa nursery school, after-school care sa mga bata, clubs para sa after school activities ng mga bata, at children's center

### Pagtanggap ng abiso para sa medical check up ng mga batang papasok sa elementary

Makakatanggap na ng abiso tungkol sa medical check up ang mga batang papasok sa elementary sa susunod na Abril. Ito ay ginagawa para mapangalagaan ang kalusugan ng mga bata. Pagkatanggap ng abiso mabuting pumunta na kaagad para sa medical checkup ang mga bata kasama ang kanilang mga magulang.

Ang iskedyul ng Health checkup sa elementary sa Fujimino City ay :

Oi elementary school: Oct. 4, Fukuoka elementary school: Oct.4, Komanishi elementary school: Oct. 22, Uenodai elementary school; Oct. 16, Tsurugaoka elementary school: Oct. 7, Nishi elementary school; Oct. 23, Higashibara elementary school: Oct. 23, Nishihara elementary school: Oct. 30, Motofuku elementary school: Oct. 29, Kamekubo elementary school: Oct. 18, Sankaku elementary school: Oct. 28, Saginomori elementary school: Oct. 16, Higashidai elementary school: Oct. 25

Katsuse elementary school in Fujimi City: Oct. 11

### Natanggap na ba ninyo ang bagong national health

Ang bagong isyu ng national health insurance card ay magagamit simula Oct.1. Ito ay ipapadala sa iyong tirahan hanggang katapusan ng September. Masusing tingnan kung may maling impormasyong nakasulat sa card. Siguraduhin na dala ang card sakaling pupunta sa ospital. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa insurance at annuity section sa munisipyo.



### Ang International exchange forum ay gaganapin sa Fujimi-shi

Ang International exchange forum ay gaganapin sa Fujimino International Exchange Center sa Nov. 10 (Sun.) 12:00 ~ 16:00. Ang center ay 10 min na lakad mula sa Fujimino station. Ang pagtitipong ito ay taun-taon ginaganap. Ginagawa ito para sa mas magandang pagkakaugnayan ng mga dayuhang residente at mga lokal na mamamayan. Makikita sa pagtitipong ito ang iba't ibang pambansang kasuotan, mga tradisyonal na artes at gayundin ang pakikinig sa talumpati ng mga dayuhang residente ukol sa kanilang karanasan sa Japan. Mayroon ding Thai style massage, national flag quiz, at pag-aaral ng pagsulat ng iyong pangalan sa iba't ibang lengguage at marami pang ibang aktibidades.

### Pagpapakilala ng tradisyon at kultura ng Pilipinas

Isang ebento tungkol sa kultura ng Pilipinas ay ginanap noong Agosto 20 sa Oi central community center. Maraming mag-aaral at mga magulang ang nakisaya sa pagluluto ng pagkaing Pilipino at sumali sa palaro at pag-uusap tungkol sa kultura at tradisyon ng Pilipinas. Madalas may mga ganitong pagtitipon sa Fujimino international cultural exchange center. Tingnan ang mga ito sa buwanang pamphlet ng Information Fujimino at HP.

